

# Chapter One

Tanga, tanga, tanga.

Sa lahat ng mga katangahang nagawa niya sa buhay niya, ito ang nangunguna sa listahang iyon. Paano ba niya pinayagan ang sariling magpadala sa mga sinabi ng lalaking iyon?

Habang papalapit nang papalapit si Jill Denvers sa Bluebonnet Falls, lalong tumitindi ang nararamdaman niyang mga paru-parong nagliliparan sa kanyang tiyan. Hindi niya nakita si Gabriel Carter sa loob nang sampung taon. Simula noong tag-init na ibinigay niya rito ang kanyang pagkababae at ang kanyang puso, na inapak-apakan lamang nito sa pamamagitan ng pagpapakasal sa iba. Simula noon ay talagang sinikap niyang ignorahin ang lugar na iyon at ang mga balitang nagmumula roon. Siyempre hindi niya gustong marinig kung paanong naging maganda ang buhay ni Mr. and Mrs. Gabriel Carter.

Pero kahit anong pilit niyang gawin, hindi pa rin matanggal-tanggal ang lalaki sa kanyang sistema. Si Gabriel ang kanyang guilty pleasure, ang mangingibig na sa tuwina ay nasa kanyang mga panaginip at iniwan siyang habol ang hininga, pawisan at hindi mapakali sa kanyang higaan. Si Gabriel ang kanyang sukatan ng pagiging lalaki ng ibang nakikilala niya.

Ngayon, ilang minuto na lang ay makakaharap na niya ulit ang lalaki. Sa mga alaala pa lamang ng mainit at

matipuno nitong katawan ay nararamdaman na ni Jill ang paninigas ng tuktok ng kanyang dibdib at ang pagpintig ng pagitan ng kanyang mga hita.

Ang tunog ng gulong sa kalsada ay humahalo sa mabilis na pagtibok ng kanyang puso.

“Tumigil ka nga,” sita niya sa sarili. “Malamang mataba na ’yon ngayon, kalbo na at bungi na ang kalahati ng mga ngipin.”

*Sana lang.* Ang makita itong muli na ganoon nga ang hitsura ay mas magiging madali lalo na at asawa ito ng iba.

*Tama, huwag nating kalimutan ang parteng may asawa siya.*

Minaneho niya ang kanyang *Chevy Blazer* hanggang sa *Interstate 10* off-ramp at lumiko sa kanan patungo sa two-lane road papunta sa Bluebonnet Falls. Limang milya pa at haharapin na niya ang kanyang personal na Armageddon.

“Kaya mo ’to,” malakas niyang sabi sa sarili, mga salitang nawala lang sa hangin. “Ngumiti ka, makipagkamay, gawin ang arrangements at ipagpatuloy ’yon.” Kung susuwertehin siya, puwedeng hindi maging malaking bagay ang pagbabalik niya para sa kahit na sino. Magagawa niya ang kanyang trabaho at makakaalis nang walang latay.

Ang mga notes niya para sa proyektong *Life in America* ay nakatago sa kanyang *Coach* portfolio. Pinagtrabahuhan niya nang maigi ang kanyang kinalalagyan ngayon, nangunyapit siya sa bawat posisyong nadaanan sa publication para sa wakas ay marating ang kanyang posisyon ngayon sa pinakasikat na magazine sa bansa.

Ang *Life* ang naglalabas ng kanyang mga artikulo

tungkol sa maliliit na bayan at malalaking siyudad. Ang tawag sa kanyang article ay *Slice of Life* at marami na ang mga nakita niya sa bansa nang dahil sa kanyang mga assignments.

Ngayon ay nakatuon siya sa Bluebonnet Falls at sa papalapit nitong bicentennial celebration. Madalas ay excited siya sa ganitong klaseng assignment.

*“Magandang istorya ‘to,” anang kanyang editor. “At ‘yan ang hometown mo kaya dapat lang na mas pagandahin mo ‘yan.”*

Pagkatapos ay nalaman niyang si Gabe ang namamahala ng steering committee. Paano niya ba magagawang tingnan ito muli? Magtrabaho malapit rito?

*“Damn it,” naisigaw niya. “Ayokong gawin ‘to.”*

Habang nagmamaneho sa Main Street, na-realize niya kung gaano kaliit ang ipinagbago ng lugar. Sampung taon ang nakalipas pero bawat bato at tindahan ay ganoon pa rin ang hitsura.

Hindi tumakbo ang oras sa lugar na iyon.

Gumarahe siya sa bakanteng parking space sa harap ng *Hoehler Building* kung saan naroon ang opisina ni Gabe, umibis sa sasakyan at naghulog ng barya sa parking meter.

*“Jill? Jill Danvers? Ikaw ba ‘yan?”*

Pagkarinig sa kanyang pangalan ay napalingon siya at kinilala ang matangkad at payat na blonde na babae, naglalakad ito palapit sa kanya. Parang nagbuhol ang kanyang tiyan.

Jennie Foster, ang pinakatsismosa sa kanila noong high school.

Inalis ng babae ang sunglasses at tinitigan siya. “Well, malaking sorpresa ’to. Long time, no see.”

At may maganda iyong rason. “Kumusta? Ang ganda mo.”

Ang payating katawan ni Jennie ay maayos na nagkalaman. Ang balat nito ay bahagyang naging tan at ang buhok ay kumikinang na parang champagne hindi katulad dati na parang walang buhay.

“Maraming salamat, hindi ito madali.” Tumawa ang babae. “Pero nakakatulong na di ako madalas na makapagpahinga dahil sa tatlo kong anak.”

“Tatlong anak?”

“Oo, tatlo.” Itinaas nito ang kaliwang kamay. “Ikinasal ako kay Jim Schroyer n’ong mag-graduate kami ng A&M, at nagsimula na lang magsilabasan ’yong mga bata.” Tumawa ulit ito, iyong magaan at walang pag-aalinlangang tawa.

“Natutuwa ako’t nakita kita,” aniya na ikinagulat rin niya.

“Ako rin. Sasabihin ko sa ’yo, hindi ko talaga alam na makikita ka pa namin dito. Alam mo na, dahil sa pagsama sa ’yo ng tiyahin at tiyuhin mo sa kanila nang mamatay ang mga magulang mo.”

Naisip ni Jill kung mayroon bang taga-Bluebonnet Falls na nakakaalam ng tunay na rason kung bakit siya umalis noon at hindi na bumalik. Wala silang pinagsabihan ni Gabriel ng tungkol sa kanila kaya ang kanilang relasyon—o kung anuman iyon—ay hindi naging malaking balita. Pagdating ng Setyembre noon ay marami nang nabago. Ang pagkamatay ng kanyang mga magulang ang nagbigay sa kanya ng katanggap-tanggap na rason para umalis.

“Well,” patuloy ni Jennie, “plano mo bang manatili dito para sa malaking selebrasyon? Ilang linggo pa ’yon mula ngayon.”

“Oo. Gumagawa ako ng article tungkol d’on para sa *Life in America*. Pumunta ako dito nang maaga para makapag-research tungkol sa kasaysayan ng lugar at makapag-interview ng mga taong parte ng event.

“Wow! Ang galing naman.” Tinitigan siya ni Jennie na tila may pagdududa. “So makikipag-meeting ka niyan kay Gabe Carter tungkol d’on, kasi siya ang chairman.”

“Oo.” Sinikap ni Jill na kalmahin ang sarili. “Ang totoo, papunta na ako ngayon sa kanya.”

“Ayos. Good luck.”

Good luck?

Binigyan siya ni Jennie nang mabilis na yakap. “Lordy, hintayin mo lang na maibalita ko ’to sa lahat. Si Jill Denver ay bumalik na sa Bluebonnet Falls. Wow.”

Tiningnan niya ang babae habang malakas ang tunog ng takong ng sandals na naglalakad ito palayo, kinukuha ang kung ano mula sa dalang purse. Abala ang babae sa pagpipindot ng numbers sa cellphone at ilang saglit pa ay nakadikit na ang telepono sa tainga nito.

Wala nang nangyari sa gusto sana niya ay tahimik na pag-uwi. Alam niyang pagsapit ng gabi, lahat na ng tao sa Falls ay alam nang bumalik na si Jill Denver sa lungsod.

Habang tinutuwid ang kanyang palda ng nanginginig niyang mga kamay, naglakad siya papasok sa gusali. Sakay ng elevator patungo sa ikatlong palapag, nagbilang siya hanggang sampu, pagkatapos ay hanggang dalawampu.

Kahit ano para lang kumalma siya.

Ilang saglit na lamang ay makakaharap na niya ang pinakaseksing lalaking nakilala niya. Ang taong may hawak ng puso niya, kahit hindi nito alam. Pero kasal na ito sa iba at hinding-hindi na mapapasakanya. Napapalunok na bumuntong-hininga si Jill.

*Umayos ka, lalaki lang si Gabe Carter.*

*Yeah, right. At ang Grand Canyon ay isa lang kanal.*

Bumukas ang elevator. Naglakad siya palapit sa opisina nito at itinulak pabukas ang pinto. At nabitin ang kanyang paghinga.

Nakatayo si Gabe sa harap ng reception desk, kausap ang babaeng nakaupo roon. Sa paglapit niya, tumaas ang mukha nito at ngumiti. “Hi. May maitutulong ba ako?”

Ang malalim nitong boses ay nagpaalala sa kanya ng mga pagnanasang ngayon ay sumakop sa kanyang kabuuan.

Suwerte lang niya na pagkatapos ng mahabang panahon ay mas lalo pa itong naging kaakit-akit. Ang matangkad at maskulado nitong katawan ay matikas pa rin, ang buhok ay mas tumingkad ang pagkakulay-ginto, ang laughlines sa mukha nito ay mas lumalim. Ang manggas ng suot nitong kamiseta ay asul na parang dagat katulad ng mga mata nito, nakatupi iyon hanggang sa siko, pinapakita ang tanned nitong balat na may nagkalat na pinong kulay gintong balahibo. Kinailangan ni Jill ang bawat patak ng kontrol sa sarili para hindi ito sugurin ng yakap.

Lumunok siya para kontrahin ang panic na nararamdaman at huminga nang malalim para kalmahin ang sarili. “Hello, Gabe. Ikinagagalak kitang makita ulit.”

Nanlaki ang mga mata ng lalaki at tinitigan siya na tila gulat na gulat. Inabot nito ang kanyang kamay. “Jill? My God, ikaw ba talaga ‘yan?”

“Sa personal.”

Ang paningin nito ay humagod sa kanya mula ulo hanggang paa. Alam niya kung ano ang nakikita ng lalaki. Ang katawan niya ay payat pa rin, pero mas malaman na, ang dibdib niya at balakang ay mas gumanda ang kurba. Mas sopistikada na rin ang pagkakalagay ng kanyang makeup at alam niyang ang berde ng kanyang magandang suot ay nagpaganda sa kanyang mga mata at nagpatingkad ng auburn highlights ng makapal na buhok na kulay kastanyas.

Pakiramdam niya ay hubad siya sa ilalim ng tumatagos nitong pagkakatingin sa kanya. Walang nagawa ang sampung taon upang patayin ang init na rumagasa sa kanya nang oras na hinawakan siya nito. Kinailangang gamitan ng superhuman effort para lamang panatilihin propesyonal ang kilos. Posibleng mas maging mahirap pa ito kaysa sa kanyang inaasahan.

Mainit ang kamay nitong nakahawak sa kanya, nagpapaalala ng huling pagkakataong hinawakan siya nito sa intimate na paraan—ang huling beses na nagtalik sila. Hindi niya nagawang kalimutan ang pakiramdam ng bahagyang magaspang nitong palad na humaplos sa kanyang balat, sa mga nakatagong parte ng kanyang katawan, tinuturuan siya kung ano ang pag-ibig.

“Well.” Sa wakas ay pinakawalan nito ang kanyang kamay. “Talagang lumaki ka na, ha?”

Ngumisi si Gabriel at may biloy na lumabas sa kabilang

bahagi ng pisngi nito.

“Hindi ba’t lahat naman tayo.” Sinubukan niyang tapatan ang normal nitong boses.

“Christy.” Nilingon nito ang babae sa desk. “Hindi mo siguro naaalala si Jill Danvers. Mga isang taon ang agwat niya sa ’yo, sa tingin ko. Jill, siya si Christy Malone. Ang puso at kaluluwa ng opisinang ito.”

Namula si Christy sa papuri.

Ngumiti siya. “Nice to meet you.”

“Same here. Talagang inaabangan ni Gabe ang muli kang makita.” Kumislap ang mga mata nito.

“Excited kaming lahat na gagawa ka ng article tungkol sa event. Makakatulong ’yon para makilala ang lugar natin.”

“Yon nga ang intensyon ko.” *So inabangan ni Gabe ang pagkikita naming muli, ha? Kung sana lang ay para iyon sa tamang rason.*

“Paki-hold ang mga tawag ko hanggang sa matapos kami,” bilin nito kay Christy. “Halika, Jill. D’on tayo sa opisina mag-usap.”

Magaang nitong ipinatong ang kamay sa ibaba ng kanyang likod habang iginigiya siya palayo sa reception area.

Ang balat niya ay napapaso kung saan ito nakahawak, ang mga imahe ng hubad nitong balat at ang kamay nitong humahagod sa kanyang katawan ay sumakop sa isipan niya. At habang rumaragasa ang mga alaala sa kanya ay ramdam niya ang pagnansa sa kanyang katawan dahil sa kanyang namamasang panloob.

Ang opisina nito ay tamang repleksyon ng lalaki, solido lalaking-lalaki. Maraming leather at kahoy, may kulay brown



na carpet na nagpapalambot sa bawat tapak.

Ang painting na nakasabit sa dingding ay western ang dating at halatang pinili para tumugma sa geography ng lugar. Pero halata ang kawalan ng mga personal na litrato roon.

Ano kaya ang ibig sabihin niyon?

Lumapit siya sa isang upuan sa harapan ng mesa, pero itinuro ni Gabe ang couch na nakasandal sa isang dingding.

“Hindi naman natin kailangang maging pormal, di ba? Hindi naman talaga tayo estranghero sa isa’t isa.”

*’Yan nga ang problema. Sana’y ganoon na nga lang.*

“Tama ka,” sa halip ay nasabi niya. “Pero matagal na nang huli tayong nagkita.”

“Masyadong matagal.” Ipinakita nitong muli ang mapuputi nitong mga ngipin. “Lord, Jill, it’s so good just to look at you.”

“You look pretty sharp yourself.” Ayon. Tamang-tama lang ang kakaswalan ng boses niya.

“Ayon sa mga nakikita ko, mukhang naging maganda ang naging takbo ng pagiging abogado mo.”

Sumandal ito sa upuan, ang isang hita ay nakapatong sa isa, ang isang braso ay nakasabit sa likod ng sandalan.

“Aaminin ko, masaya ako sa mga nangyayari.”

“At si Robin? Kumusta siya?”

Nanigas ang panga nito at dumilim ang paningin.

“Robin? Okay lang siguro siya. Sigurado akong magiging interesado siyang malaman na nagtanong ka tungkol sa kanya.”

“Well, give her my best.” At kaunting lason.

Si Robin Fletcher at si Gabe ay matagal na naging magkarelayon noong high school hanggang college. Bago ang Tag-araw na iyon. Pagkatapos ng graduation ni Robin sa *University of Texas*, umalis ang babae nang tatlong buwan patungong Maine kasama ang mga kamag-anak, iniwan si Gabe na may isang sem pa sa law school na natitira. Sa loob ng tatlong buwan na iyon, nagbago ang buhay ni Jill. Noon siya na-in love sa binata at noon din namatay ang kanyang mga magulang nang mabangga ang mga ito sa highway gamit ang kanilang recreational vehicle o RV.

Sampung taon na ang nakalilipas at ang araw ng libing ng kanyang mga magulang ay nakatatak pa rin sa isip niya, at hindi lang iyon dahil sa pighati



Parang ang buong populasyon ng lungsod ay dumating para sa libing ng mga Danvers. Pagkatapos ay pinuno ng mga ito ang bahay ng pakikipagdalamhati at pakikipagsimpatya. Si Jill ay nakatayo sa tabi ng puntod ng mga magulang, napapagitnaan ng kanyang Tita Karen at Tito Joe, namamanhid sa lungkot at gustung-gustong maramdaman ang mga bisig ni Gabe na nakapalibot sa kanya.

Nang pumasok ang lalaki sa loob ng bahay, binigyan lamang siya nito ng mabilis na yakap at bumulong ng mga nakapagpapagaan ng loob na salita. Sinabi nitong naroon lang ito hanggang makaalis ang lahat. Nasa kusina siya nagsasalin ng kape nang marinig ang boses ng ina ni Robin sa kabilang panig ng pinto.

*"Nakita kong umuwi pala si Robin."*

*"Oo, n'ong nakaraang linggo lang. Gusto naming ma-*

*enjoy niya ang summer pagkatapos ng graduation bago siya magsimulang magtrabaho."*

*"So siguro ia-announce na nila ang kanilang engagement?"*

*"Oo, siyempre. Gusto kong December ang kasal. Magandang mag-celebrate kapag holidays, di ba? Ewan ko nga lang kung bakit gusto ni Robin na magmadali."*

Ang mga salitang iyon ay pumunit sa kanyang puso. Paano iyon posibleng maging totoo? Kinalimutan na ang kape, hinanap niya ang lalaking bumulong sa kanya ng magagandang salita ng pag-ibig at pangako, para lang makita ito sa patio na ang mga braso ay nakapalibot kay Robin sa isang mapagmahal na yakap.

Sa sakit dahil sa nakita, tumakbo siya palabas ng bahay, papalayo sa mga ito, sinusubukang pigilan ang luha. Nawalan na ng silbi ang magagandang pangako ni Gabriel. Siguro para sa lalaki, pampalipas lang iyon ng Tag-araw hanggang sa makabalik si Robin. Siguro lahat ng iyon ay kasinungalingan lamang, paraan para maikama siya.

Nang bumalik siya ay wala na ang lahat. Si Tito Joe at Tita Karen ay naghihintay sa kanya na may pag-aalala sa mga mukha at may note na galing kay Gabriel na nagsasabing, *'Kailangan nating mag-usap.'* Usap.

Oo nga naman.

"Tumawag na siya nang ilang ulit," imporma ni Tita Karen. "Hinintay ka niya nang matagal hanggang sa kailangan na niyang umalis. Sinabi niyang hindi siya titigil hangga't hindi ka niya nakakausap. Honey, hindi ko alam kung ano ang nangyari, pero hindi mo ba siya kakausapin

man lang?"

Hirap na tumingin siya sa kanyang mga kamay. "Wala kaming kailangang sabihin sa isa't isa."

"Jill." Inakbayan ni Tita Karen ang pamangkin. "Mahirap para sa 'yo ang linggong 'to. Ngayong araw ay nilibing ang mga magulang mo. Baka masyado ka lang naguguluhan. Anuman ang nangyayari sa inyo ni Gabe, ba't di mo siya pakinggan man lang?"

Siguro. At siguro hindi. Umiiyak pa siya ng pagdadalamhati para sa kanyang mga magulang pagkatapos, makikita niya si Gabe kasama si Robin sa ganoong tagpo, ang marinig ang mga usapan kanina...

Nilamukos niya ang papel at itinapon iyon sa basurahan. "Sige. Kung tumawag siya, kakausapin ko siya."

Tumakbo siya pataas ng hagdanan at namaluktot sa kanyang higaan, ang luha ay muling tumulo mula sa kanyang mga mata at nagpapahirap sa kanyang paghinga.

Kahit papaano ay nagupo siya ng pagod na nararamdaman at nakaidlip siya. Nang magising siya ay puno na ng kadiliman ang kanyang silid na kinokontra lamang ng liwanag na nagmumula sa street lamp na tumatagos sa kanyang bintana. Naghilamos siya ng malamig na tubig sa banyo at itinali ang buhok bago hinanap ang tiyahin at tiyuhin. Nakapagdesisyon na siya at kailangan na niya iyong gawin bago pa magbago ang kanyang isip.

"Babalik ako sa San Antonio kasama n'yo," paalam niya sa dalawang matanda at nang kahit papaano ay huminahon siya. "Puwede ba akong makitira sa inyo hanggang sa makahanap ako ng sarili kong matitirhan?"

“Oo naman, Honey,” sagot ni Uncle Joe. “Hangga’t gusto mo. Pero si Gabe...”

“Kakausapin ko siya. Sinabi ko na ‘yun. Pero hanggang d’on lang ‘yun. Gusto kong umalis dito.”

Nakakabingi ang katahimikan sa telepono.

*Kailangan niya pala akong makausap, ha.*

Inubos niya ang oras nang gabing iyon sa pag-eempake ng lahat ng magkakasya sa kanyang kotse, gusto nang matapos agad para maaga sila kinabukasan. Mas mabilis na makaaalis siya sa Bluebonnet Falls, mas mabilis siyang makakatakas sa sakit ng pagkamatay ng kanyang mga magulang at sa panloloko sa kanya ni Gabe.

Nang mag-ring ang doorbell sigurado siyang ang kapitbahay nila iyon na siyang kukuha ng reserba na susi. Pero nang buksan niya ang pinto, naroon si Gabe na nakatayo sa porch. Mukhang hindi rin naging maganda ang gabi nito.

Gusot-gusot ang suot nitong damit at ang mga mata ay namumula ang palibot at nangingitim rin ang eyebags. Malalalim ang linyang nakaukit sa mukha nito at kailangan ng lalaki na mag-ahit.

“Umalis ka na.” Inumpisahan niyang isara ang pinto.

“Buntis si Robin,” anito. “Apat na buwan.”

Tinitigan niya ito, ang sakit sa kanyang dibdib ay parang dahil sa matalim na espada. “Layuan mo na ako.” Malakas niyang isinara ang pinto at umakyat sa hagdanan, tinakpan ang kanyang mga tainga ng mga kamay nang muling marinig ang doorbell. “Wag n’yo ‘yang papansinin,” sigaw niya. “Wag n’yong bubuksan ang pintong ‘yan.”

Napatingin si Karen sa hagdanan nang muling tumunog ang doorbell at may kumalampag nang kamao sa kahoy na pinto. “Ano ang sasabihin ko kay Gabe?”

“Sabihin n’yo sa kanya... sabihin n’yo pumunta siya sa impiyerno.”

Isang linggo ang nakalipas, nangangailangan ng dagdag na sakit na pumipiga sa kanyang puso, nag-search siya sa Internet at ilang segundo lang ang nakalipas ay larawan ng bagong Mr. at Mrs. Gabriel Carter ang nakatingin sa kanya.

Nang may magazine na nag-offer sa kanya ng trabaho bilang travel writer kung saan kailangan niyang tumira ng isang taon sa Europa, tinanggap niya iyon. Ang tanging paraan upang hindi tuluyang mabasag ang kanyang puso ay ang magpakalayo kay Gabriel Carter. At huwag na itong makita pa kahit kailan.



Kaya heto siya ngayon, umaasang binago na ng panahon at distansya ang kanyang pakiramdam para lang sa unang pagkakataon ay mapagtantong wala iyong saysay.

Iपालangin niyang huwag maipahiya ang sarili kung bumigay siya at manghingi ng mga kasagutan. Mga kasagutang alam niyang ayaw niyang marinig.

Ipinilig ni Jill ang ulo mula sa kanyang bangungot. Back to business.

“So,” aniyang pinasigla ang tinig, “ang Falls ay magse-celebrate ng bicentennial. At ikaw ang chairman.”

“Ako nga. Pero isa itong trabaho na gusto ko. Alam mong mahalaga sa akin ang lugar na ‘to.” Humayon ang tingin nito sa malaking bintana na nakaharap sa Main Street.

“Tumanggap ako ng posisyon sa isang law firm sa Dallas matapos kong ipasa ang bar, pero nagkaroon ang papa ko ng heart problems at kinailangang mag-retire. Gumawa sila ni Mama ng magandang bahay malapit sa Blanco at umuwi ako para ipagpatuloy ang practice.” Ngumiti ito. “Sabi nga nila, home’s where the heart is.”

“Yan ang sinasabi nila.” Pinilit niyang ngumiti. “Pero hindi ’yan umepekto sa akin.”

May kakaibang emosyon na sumakop sa mukha nito. “Hindi mo ibinenta ang bahay,” komento nito.

Ah, oo. Ang bahay. Kung saan sila nagniig sa kanyang kuwarto sa tuwing may pagkakataon. “Naisip ni Tito Joe na huwag kong ibenta at parentahan ko na lang. Sinabing tataas daw ang real estate sa Autumn.”

“Wais ang tito mo. Madalang ang mga available na lupa dito sa atin.” Pinagkrus at ibinalik ulit nito sa puwesto ang mga binti. “Napansin kong wala nang laman ang bahay. Naghahanap ba kayo ng bagong tenant?”

Magandang ideya iyon. Mas maganda sa kanyang plano. Hindi niya naisip na gugustuhin pa niyang tumapak muli sa bahay na iyon. At ngayon ay natutukso siyang doon maglagi habang naroon siya sa Bluebonnet Falls.

“Hindi pa. Tapos na ang kontrata ng mga huling tenant at napagdesisyonan kong doon tumira habang ’andito ako. Nand’on pa lahat ng mga gamit, hindi ko lang sigurado kung ano ang lagay ng mga ’yon.” Binigyan niya ito ng malungkot na ngiti. “Malalaman ko rin.”

“Hindi mo ba naisip na mas magiging komportable ka sa isang motel?”

“Hindi. Ito ang gusto kong gawin.” Kailangan niya ng isa pang pagkakataon para tuluyang maiwala ang lahat ng multo ng kanyang nakaraan. Naramdaman niya ang pag-iinit ng pisngi at ang pagpalya ng tibok ng kanyang puso. Pinilit niyang ilabas ang kanyang propesyonal na ekspresyon. “Ba’t di ka magkuwento pa ng tungkol sa malaking selebrasyon at ipakita sa ’kin kung ano ang mga inihanda n’yo? At nang makagawa ako nang paunang research bago ang event.”

“Sure. Naihanda ko na ang lahat.”

Tumayo ito sa paraang napakapamilyar sa kanya, naghatid iyon ng sakit sa kanyang puso, may kinuha itong folder sa mesa at dinala pabalik sa couch. Nakaupo ito nang napakalapit sa kanya, ang mga hita nila ay magkadikit na. Binuklat nito ang mga pahina sa coffee table.

Lumunok si Jill, ramdam ang init na nagmumula sa katawan ni Gabe na nanunuot sa manipis niyang palda at pinilit ang isip na mag-focus. *Tandaan mo, aniya sa sarili, huwag mong guluhin ang assignment mo sa pamamagitan ng pagkahulog muli kay Gabriel Carter. May asawa na siyang tao. Tandaan mo ’yan.*

“Gumawa ng listahan ang historical committee ng mga importanteng pangyayari dito sa lungsod,” imporma nito. “May espesyal na nakaplano para i-celebrate ang bawat pangyayari.” Kumuha ito ng isang papel. “Ito ang paunang listahan.”

Ang kamay nito ay humagod sa kanyang kamay nang iabot sa kanya ang papel at muntik na niyang mabilisang agawin iyon.

*Cool it. Di ba? Poised and professional. Ginawa niya ang*



*normal na gagawin ng marangal na lalaki kaya ipakita mo sa kanyang tanggap mo iyon.*

“Mukhang masyadong engrande ’to.” Umasa siyang hindi narinig ni Gabriel ang pangininginig ng boses niya katulad nang pagkakarinig niya roon. “Kaya ba ng committee na bigyan ako ng background ng lahat ng mga ’to?”

“Oo, sa katunayan, nakiusap silang makipagkita sa ’yo.” Itinuro nito ang nakasulat sa ibaba ng papel. “Si Ernie Hoffman ang chairman. ’Yan ang number niya.”

“Okay. Mabuti. Salamat.” Ang amoy ng cologne ni Gabriel ay dumaan sa kanyang ilong at wari niya ay hindi makalabas nang higit sa isang pantig ang kanyang bibig.

Tumaas ang paningin niya sa eksaktong oras na lumingon si Gabe sa kanya. Nagtagpo ang kanilang mga mata at tumigil sa pagtibok ang kanyang puso.

“Jill.” Ang boses nito ay mababa, nang-aakit.

“Yes?” *’Wag mo ’kong hahawakan kundi mawawala ako sa sarili ko.*

Nangyari iyon nang napakabilis ni wala siyang oras para makapag-isip. Inabot ng mga kamay nito ang kanyang balikat, ang mga daliri ay parang bakal na nagmamarka at ang silid ay tuluyang nawala.

“Kalimutan mo muna ang selebrasyon kahit saglit.” Ang mukha nito ay napakalapit na puwede na niyang bilangan ang mga pilikmata nito. “Sinabi ko sa sarili ko na hindi kita hahawakan, pero pakiramdam ko ay habambuhay kong hinintay ’to. Kailangan kong malaman kung kasing-sarap ka pa rin katulad ng naaalala ko.”

Bumaba ang mga labi nito sa kanya at tuluyan na siyang

nagupo. Walang nakatulong sa kanya. Ang pinakabanayad lang nitong hawak ay nag-aapoy na siya para rito. Ang mga labi nito ay malambot, pero mapang-angkin. At ang dila nito ay humahagod sa gilid ng kanyang mga labi.

“Open for me, Jill,” bulong nito.

Masunuring ibinuka niya ang bibig para tanggapin ang dila nito.

Nawala ang sampung taon, at sa isip niya ay wala sila sa couch kundi nasa sapsap sa ilalim ng mga puno sa Bluebonnet Lake. Nakatago sa maliliit na halaman, ang buwan ang kanilang ilaw na nagbibigay ng kulay pilak na liwanag at bumabalot sa kanilang hubad na katawan.

Nilalasan ng bibig ni Gabe ang kanyang kabuuan—ang kanyang mga labi, dibdib, sa gitna ng kanyang mga hita. Ang mga daliri nito ay humahagod—sa kaloob-looban niya, sinasaliksik na parang mga talulot ng bulaklak.

*Warning, warning!* sigaw ng utak niya. *Mali, mali, mali.* Pero lagpas na siya roon, lagpas na sa pagrarason. Ang gusto na lang niyang gawin ay ang numamnam.

Awtomatikong gumalaw ang dila niya kasabay ng kay Gabe sa naaalalang sayaw. Ang halik ay nagpatuloy pa, inuubos ang bawat patak ng lakas na mayroon siya. Sa wakas ay inangat nito ang mukha, inayos ang kanilang katawan hanggang sa ang kanyang mga binti ay nakadantay na sa kandungan nito at pagkaraan ay sinalubong ang kanyang mga mata na para bang minememorya iyon.

“God, Darlin.” Ang mga kataga nito ay pumapaypay sa kanyang mukha. “Hindi mo lang alam kung gaano katindi ang panalangin ko na sa kabila ng bawat sakit at kapaitan

na may karapatan kang maramdaman ay babalik ka pa rin sa buhay ko isang araw.” Gumawa ng linya mula sa kanyang bibig hanggang sa kanyang panga ang magagaang nitong halik, at bumaba sa kanyang leeg, sa parte ng likod ng kanyang tainga na nagpapawala sa kanyang katinuan. Habang tinutukso ang kanyang balat ng dulo ng dila nito, idiniin pa siya nito gamit ang katawan sa couch at ang isang kamay nito ay walang hirap na dumako sa mga butones ng kanyang blusa.

*Kailangan kong maalala ang isang importanteng bagay. Ano 'yon? Ano 'yon?*

Pagkatapos ay naramdaman niya ang mga kamay nito sa kanya, masuyo pero paulit-ulit, at nawala ang kanyang kakayahang mag-isip.

Hinubad nito ang kanyang blusa, tinanggal ang kanyang pang-ilalim, at hinawakan nito ang kanyang dibdib nang may pag-iingat na hindi niya nakalilimutan. Nagsara ang mga labi nito sa tuktok ng isa niyang dibdib, tinutukso iyon gamit ang ngipin at pagkuwan ay lalaruin ng dila nito. Ang mga sensasyong hatid niyon ay tumupok sa kanya, dumaloy sa bawat himaymay niya na parang kuryente.

“Jesus, I’ve missed you,” namamaos nitong bulong. “Walang gabing lumipas na hindi ikaw ang nasa panaginip ko.”

Kumapit si Jill kay Gabe, ramdam ng kanyang mga kamay ang matipuno nitong kalamnan sa ilalim ng suot nitong pang-itaas, ang init ay tumatagos sa kanyang palad. Ang mga alaala kung paanong perpektong humuhulma ang kanilang katawan sa isa’t isa ay gumulo sa kanyang

pag-iisip at mga pandama. Bigla, ang mga damit nito ay naging napakalaking sagabal, sa nagmamadaling galaw ay hinatak niya ang shirt nito mula sa pagkaka-tuck-in sa pantalon, desperadong mahawakan ito, muling malaman ang pakiramdam nito sa kanyang balat. Ang unang hawak ay parang droga, pinapalabo ang kanyang isip.

Habang ang isang kamay ay mahigpit na nakayakap sa kanya, ang isang kamay ni Gabe ay gumapang sa kanyang katawan, minememorya iyon, muling sinasaliksik. Hinawakan nito ang mga pamilyar na bahagi niyon, mula sa kanyang dibdib, hanggang sa kurba ng kanyang tiyan, pababa sa kanyang mga binti, sa likod ng kanyang tuhod, sa kanyang mga hita. Pumailalim sa manipis na tela ng kanyang palda, ang mga dulo ng daliri ay tumutukso sa elastic na dulo ng kanyang lace underwear. Buong panahon ay masuyo itong bumubulong sa kanyang tainga ng mga katagang nagpapaningas sa kanya. Ang katawan niya ay halos mamilipit na sa ilalim nito.

Awtomatikong naghiwalay ang mga hita ni Jill para rito. Pinaglalam nito ang halik habang pumapailalim ang isang kamay sa kakarampot na seda para mahawakan ang umbok ng kanyang pagkababae. Ramdam na niya ito ngayon, masuyong humahaplos, nananaliksik, ang kanyang hininga ay halos kapusin at napapasinghap siya.

Nang bigla ay ang masakit na memorya ng panloloko ni Gabe sa kanya kasabay ng katotohanan tungkol sa sitwasyon ng lalaki ay sumabog sa loob ng kanyang isip na parang balde ng malamig nga tubig. Ano ba ang pinaggagagawa niya? Pilit na inilayo niya ang mga labi sa bibig nito at itinulak ito gamit

ang lahat ng kanyang lakas.

“Stop,” singhap niya. “Stop, stop, stop. Patayuin mo ako, Gabe. Ngayon na.” Pumiksi siya mula sa hawak nito, sinusubukang palayain ang sarili.

“Bakit?” Tinitigan siya nito sa mga matang naaambunan ng pagnanasa. “What’s wrong?” Ang mga mata nito ay wala sa focus. “Jill, patawarin mo ako sa ginawa ko pero nang oras na pumasok ka sa pinto, wala na akong ibang naisip kundi ang maangkin ka.”

Tinulak niya ito gamit ang buong lakas at inilayo ang sarili rito. “Hindi natin ’to puwedeng gawin. Pakiusap.”

Tumingkayad ito paunahan habang inaayos niya ang sarili, ang mga daliri ay dumaan sa buhok nito. “Tulungan mo akong maintindihan ’to.” Ang boses ng lalaki ay karirringan ng pangangailangan at pagkadismaya. “Ang naramdaman natin noon ay nand’yan pa rin. Ang sampung taon ay walang nagawa para mabago iyon.” Malalim itong huminga. “Nakapagtago ka sa akin nang napakatagal, pero hindi mo maitatago ang katotohanan sa nararamdaman mo.”

Napayuko siya, kagat-kagat ang kanyang pang-ibabang labi habang inaayos ang suot na damit. “Hindi na ’yan mahalaga. Hindi natin ’to puwedeng gawin. Mali ’to.”

“Mali?” Inabot nito ang kanyang baba at pinilit siyang salubungin ang tingin nito. “Sabihin mo sa akin kung ano ang mali dito. Wala nang ibang pagkakataong mas gaganda pa dito. Kahit noon pa.”

Alam niyang hahalikan siya nitong muli kaya pumaling siya. “Hindi ako nakikipagrelasyon sa mga lalaking may asawa na, Gabe.”

“May asawa?” Bumagsak ang kamay nito. “Ano ang pinagsasabi mo? Sino’ng may asawa?”

“Ikaw.” Bigla ay nabalutan siya ng tapang. “Kay Robin Fletcher. Naalala mo?” Ginaya niya ang boses ng lalaki ilang taon na ang nakakaraan. “Buntis si Robin. Apat na buwan. Ang pangyayari bang ’yon ay talagang nawala na sa memorya mo?”

Tumayo si Gabe mula sa couch at hinarap siya, ang mukha nito ay may pinaghalong gulat at galit. “Wala akong asawa, Jill. Siguro kung nag-abala kang makipag-usap sa akin ay nalaman mo. Naghiwalay kami ni Robin dalawang buwan matapos ang kasal.”

